SAN DIEGO UNIFIED SCHOOL DISTRICT
Office of the Deputy Superintendent

Kaalaman para sa Magulang o Tagapag-alaga ng Mag-aaral sa Ika-8 Baitang na may Dalawa o Higit na "F"

Kautusan ng Lupon
Noong ika-23 ng Enero, 2007, nag-utos ang Lupon na: "mananatili ang mga mag-aaral sa ika-8 baitang na may dalawa o higit na markang "F" sa mga pangunahing aralin (hal: English, Mathematics, History/Social Science, at/o Science) simula nitong taon, 2006-2007. Ang mga magulang ay magkakaroon ng karapatang tumangging panatilihin ang kanilang anak, ngunit ang mag-aaral ay ilalagay sa Ninth-Grade Intervention Program sa mataas na paaralan."

Paliwanag sa Bagong Patakarang Pinaiiral
Nasa ibaba ang paliwanag kung paanong ang bagong patakaran ay paiiralin:

I. Mga Patnubay sa Pagpapanatili – Ika-8 Baitang
Ang mga mag-aaral ng ika-8 baitang na may dalawa o higit na markang "F" sa mga pangunahing aralin (English, Mathematics, History/Social Science, at/o Science) sa katapusan ng taon, 2006-2007, ay mananatili. (Sa mga paaralang may "block schedule", ang unang semestreng marka ay kasamang ibibilang sa dalawa o higit na "F".) Ang mga magulang ay maaaring tumugon ng pagsang-ayon sa kapasiyahang pagpapanatili sa "Decision to Retain/Promote Form – Grade 8". Ang papel na "Decision to Retain or Promote" ay magbibigay rin ng tagubilin na ang lahat ng mananatiling mag-aaral ay papasok ng pag-aaral sa tag-init.

II. Panawagan sa Pananatili
Ang mga magulang na tumanggi sa pasiyang pananatili ay maaaring magbigay ng panawagan. Ang panawagan ay maaaring isulat sa papel na Decision to Retain or Promote at ibigay sa punong-guro o katiwala upang mapagtibay.

Ang lahat ng hindi mananatiling mag-aaral sa ilalim ng panawagan ng magulang ay kailangang pumasok ng pag-aaral sa tag-init. Sa katapusan ng pag-aaral sa tag-init:

- Ang mga mag-aaral na walang markang "F" ay papasok sa ika-9 na Baitang sa mga karaniwang aralin.
- Ang mga mag-aaral na may isa o higit na markang "F" ay ilalagay sa Ninth-Grade Intervention Program.



* Ang mga magulang ay maglalagay ng pagsang-ayon sa pasiyang pananatili sa papel na "Decision to Retain or Promote".
** Ang mga magulang ay maglalagay ng kanilang panawagan sa pasiyang pananatili sa "Decision to Retain or Promote".